


Edukasyon sa Pagpakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 8:
Paninindigan sa Pangangalaga sa
Kalikasan**



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasampung Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 8: Paninindigan sa Pangangalaga sa Kalikasan
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: **Leonor Magtolis Briones**
Pangalawang Kalihim: **Diosdado M. San Antonio**

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Mariliese C. Yangken
Editor:	Annie Rose B. Cayasen
Tagasuri:	Georgina C. Ducayso
Tagalapat:	Blessy T. Soroyoroy
Tagapamahala:	Estela L. Cariño, EdD
	Benilda M. Daytaca
	Carmel F. Meris
	Rosita C. Agnasi
	Edgar H. Madlaing
	Rizalyn A. Guznian
	Sonia D. Dupagan
	Erlinda C. Quinuan
	Vicenta C. Danigos

Inilimbag sa Pilipinas ng _____
Kagawaran ng Edukasyon - Rehiyong Pampangasiwaan ng Cordillera
Office Address: Stockfarm, Wangal
La Trinidad, Benguet
Telefax: (074) – 422 - 4074
E-mail Address: car@deped.gov.ph

10

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 8
Paninindigan sa Pangangalaga
sa Kalikasan**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




Alamin

Kumusta na? Naging mulat ka na ba sa mga isyung pangkalikasan? O kaya'y sawang-sawa ka na sa paulit-ulit na pagtalakay sa mga ito. Huwag kang magsawa, nangangahulugan lamang ito na seryoso ang usaping pangkalikasan. Isang usaping nangangailangan ng dagliang aksyon para sa Inang Kalikasan.

Sa modyul na ito, mas higit pang malilinang sa iyo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

1. Napangangatwiran na:
 - a. Maisulong ang kaunlaran at kabutihang panlahat nang may panindigan sa tamang paggamit ng kapangyarihan at pangangalaga sa kalikasan.
 - b. Lahat tayo ay mamamayan ng iisang mundo, dahil nabubuhay tayo sa iisang kalikasan (mother nature). Inutusan tayo ng Diyos na alagaan ang kalikasan (stewards) at hindi maging tagapagdomina para sa susunod na henerasyon.
 - c. Binubuhay tayo ng kalikasan. (EsP10PB-IIIh-12.3)
2. Nakabubuo ng mapaninindigang posisyon sa isang isyu tungkol sa paggamit ng kapangyarihan at pangangalaga sa kalikasan ayon sa moral na batayan. (EsP10PB-IIIh-12.4)



Subukin

Panuto: Bago mo simulan ang mga gawain sa modyul, basahin at suriing mabuti ang mga pahayag sa ibaba. Isulat ang **Tama** kapag totoo ang diwa ng pangungusap, isulat naman ang **Mali** kapag ang diwa nito ay hindi totoo. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

- _____ 1. Ang tungkulin na pangalagaan ang kalikasan ay nakaugat sa katotohanang lahat tayo ay mamamayan ng iisang mundo.
- _____ 2. Inutusan ng Diyos ang tao na alagaan ang kalikasan at maging tagapagdomina nito para sa susunod na henerasyon.
- _____ 3. Ang tunay na pangangalaga sa kalikasan ay pagpapakita ng paggalang sa kabutihang panlahat.
- _____ 4. Ang Sampung Utos para sa Kalikasan ay listahan ng mga dapat at hindi dapat gawin sa pangangalaga sa kalikasan.
- _____ 5. Ang responsibilidad na pang-ekolohikal ay gawaing para sa lahat.
- _____ 6. Ang kalikasan ay nararapat na gamitin bilang isang kasangkapan lamang.
- _____ 7. Ang halaga at tunguhin ng bawat pagpapaunlad sa kapaligiran ay hindi nararapat na bigyang-pansin at timbangin nang maayos.
- _____ 8. Ang lahat ng likas na yaman sa mundo ay kailangang ibahagi sa bawat tao na may pagkakapantay-pantay.
- _____ 9. Ang mabuhay nang simple ay isang hakbang upang makatulong sa pagpapanatili sa kagandahan at kasaganaan ng mundo.
- _____ 10. Sa lahat ng pagkakataon, itapon ang basura sa tamang lugar.

Sa bilang na 11-15, basahin at suriing mabuti ang mga sumusunod na pahayag. Piliin at isulat ang **titik** ng inyong sagot sa inyong sagutang papel.

11. Alin sa sumusunod ang iyong gagawin kung bibigyan ka ng pagkakataon na gumawa ng isang bagay na makakaya mo para sa kalikasan?
 - a. Magdasal para tataas ang ekonomiya ng bayan.
 - b. Gagawa ng mga programang ipapatupad ng barangay upang makatulong ng malaki.
 - c. Lilinisin ng mag-isa ang isang ilog na marumi at sasali sa mga proyektong lilikom ng pondo para sa ilog.
 - d. Maging mapanuri at magkukusa sa mga gawaing kailangan ako.

12. Ang mga sumusunod ay maling pagtrato sa kalikasan, *maliban* sa isa.
 - a. Paghiwa-hiwalay ng basura bilang nabubulok at di nabubulok.
 - b. Pagtatapon ng basura sa mga anyong tubig.
 - c. Hindi maayos na pagtatapon ng basura.
 - d. Pagsusunog sa mga basura.

13. Ano ang kahulugan ng pagiging tagapangalaga ng kalikasan?
 - a. Paggamit sa kalikasan na hindi isinasaalang-alang ang iba
 - b. Paggamit sa kalikasan nang walang pakundangan
 - c. Paggamit sa kalikasan nang may pananagutan
 - d. Paggamit sa kalikasan na naaayon sa sariling kagustuhan

14. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng paggamit sa kalikasan bilang isang kasangkapan lamang?
 - a. Paggamit ng lupain na may pagsasaalang-alang sa tunay na layunin nito
 - b. Pagkamalikhain at responsibilidad sa gagawing pagbabago sa kapaligiran
 - c. Pagpuputol ng puno at pagtatanim muli sa mga bagong binhi
 - d. Malawakang paggamit ng mga kemikal upang makakuha ng maraming ani.

15. Paano mo isasagawa ang programang nagsusulong ng pangangalaga ng kalikasan?
 - a. Ipapatupad ang batas sa pamamagitan ng dagdag multa sa bawat paglabag.
 - b. Hayaan na lamang ang mga awtoridad na magsagawa ng proyektong pangkalikasan dahil sila ang may pondo.
 - c. Gawin ang makakaya na alagaan ang kalikasan kahit sa munting paraan
 - d. Makikipag-ugnayan at gagawa ng isang komprehensibong pag-aaral upang makapagsagawa ng isang gawaing pangkalikasan.

Aralin

2

Paninindigan sa Pangangalaga sa Kalikasan



Balikan

Naging mulat ka na sa mga isyung pangkalikasan sa nakaraang aralin. Napag-alaman mo rin na may masamang idinudulot nito sa ating kalikasan. Bilang isang kabataan, ano-ano ang maaari mong gawin o maitutulong sa kaligtasan ng inang kalikasan?

Panuto: Magsulat ng isang isyung pangkalikasan na iyong napag-aralan. Sa ibaba nito, magsulat ng isang masamang dulot nito sa ating kalikasan. Isulat sa sagutang papel.

Isyung Pangkalikasan:

Dulot nito sa kalikasan:



Tuklasin

Gawain 1. CODE-DECODE

Panuto: Si Inang Kalikasan ay nagbigay sa iyo ng kapiirasong papel at tanging code lamang ang nakasulat dito. Sabik kang malaman kung ano ito? Ang sabi niya: “Ito’y biyaya o regalo na tugma sa maaari kong ibahagi sa iyo.” Kailangan mong buksan ang *code* para malaman ang mga makabuluhang salita na nakapaloob dito. Ang tanging gabay (*clue*) na aking maibibigay ay: Z=A.

GZPV BLFI
GRNV URMW
BLFI WRNV
HZEV BLFI
OZMW OLEV
BLFI PRMW

• ANO ANG MENSAHE?

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang mensahe ng binuong pahayag?

2. Ano ang kaugnayan ng binuong pahayag sa pangangalaga sa kalikasan?

3. Sa iyong palagay, sapat ba ang ginagawa ng mga tao upang pangalagaan ang kalikasan? Ipaliwanag ang sagot.

4. Paano nakakaapekto sa ating pamumuhay ang iba't ibang isyung pangkalikasan?


5. Bilang kabataan, ano ang maaari mong gawin upang magkaroon ng paninindigan na pangalagaan ang kalikasan?



Suriin

I. Ang Tao Bilang Tagapangalaga ng Kalikasan

Bilang mga mamamayan ng mundo, tayo ay may gampanin na pangalagaan ang kalikasan. Dahil dito natin kinukuha ang ating mga pangangailangan, nararapat lamang na ito ay ating pangalagaan at huwag abusuhin. Bilang tao na may kakayahang mag-isip at umunawa, tayo rin ang may kakayahan na gumawa ng mga kilos upang malutas ang mga suliraning pangkalikasan. Ang *graphic organizer* sa ibaba ay tumatalakay sa mga prinsipyo ukol sa gampanin ng tao bilang tagapangalaga ng kalikasan.



II. Sampung Utos Para sa Kalikasan

Ten Commandments for the Environment Ni Obispo Giampaolo Crepaldi)

Ito ay hindi listahan ng mga dapat at hindi dapat gawin, kundi mga prinsipyong gagabay (*guiding principles*) sa pangangalaga ng kalikasan.

1. Ang **tao na nilikha ng Diyos na Kanyang kawangis ang siyang nasa itaas ng lahat ng Kaniyang mga nilikha** bilang pakikiisa sa banal na gawain ng paglilikha.

2. **Ang kalikasan ay hindi nararapat na gamitin bilang isang kasangkapan** na maaaring manipulahin at ilagay sa mas mataas na lugar na higit pa sa dignidad ng tao.
3. **Ang responsibilidad na pang-ekolohikal ay gawaing para sa lahat** bilang paggalang sa kalikasan na para rin sa lahat, kabilang na ang mga henerasyon ngayon at ng sa hinaharap.
4. Sa pagharap sa mga suliraning pangkalikasan, **nararapat na isaalang-alang muna ang etika at dignidad ng tao bago ang makabagong teknolohiya.**
5. **Ang kalikasan ay kaloob ng Maylikha sa mga tao** na dapat gamitin nang may katalinuhan at pananagutang moral.
6. **Ang politika ng kaunlaran ay nararapat na naaayon sa politika ng ekolohiya.** Ang halaga at tunguhin ng bawat pagpapaunlad sa kapaligiran ay nararapat na bigyang pansin at timbangin nang maayos.
7. Ang wakas ng pagkamundong kahirapan ay may kaugnayan sa pangkalikasang tanong na dapat nating tandaan, na **ang lahat ng likas na yaman sa mundo ay kailangang ibahagi sa bawat tao na may pagkakapantay-pantay.**
8. **Ang karapatan sa isang malinis at maayos na kapaligiran ay kailangang protektahan** sa pamamagitan ng pang-internasyonal na pagkakaisa at layunin.
9. **Ang pangangalaga sa kapaligiran ay nangangailangan ng pagbabago sa uri ng pamumuhay na nagpapakita ng moderasyon o katamtaman at pagkontrol sa sarili at ng iba.** Ito ay nangangahulugang pagtalikod sa kaisipang konsyumerismo.
10. Ang mga isyung pangkalikasan ay nangangailangan ng espiritwal na pagtugon bunga ng paniniwala na **ang lahat na nilikha ng Diyos ay Kaniyang kaloob kung saan mayroon tayong responsibilidad.**

Ang mga prinsipyong nabanggit ay ilan lang sa mga gabay upang magkaroon ng mas mataas na pang-unawa sa ating gampanin na pangalagaan ang kalikasan. Anoman ang ating kalagayan, paniniwala at kultura, lahat tayo ay nakikinabang at may pangangailangan sa kalikasan. Bilang kabataan, ikaw ay may kakayahin na manindigan para rito. Ang pagiging aktibo sa mga pampamayanang gawain, paggamit ng teknolohiya para sa paggawa ng mga adbokasiya at ang pagpapanatili ng disiplina sa wastong pangangalaga sa kalikasan ay ilan lang sa mga paraan na maaari mong magawa.



Pagyamanin

Gawain 2. Bigyang Pansin, Sampung Utos Para sa Kalikasan

Panuto: Balikan mo uli ang Sampung Utos Para sa kalikasan. Basahin at unawaing mabuti ang bawat utos. Pumili ng isa at isulat ito sa kahon sa ibaba.

1. Bakit ito ang utos na napili mo?

2. Ano ang kahulugan ng utos na napili mo?

3. Paano mo maisasabuhay ang utos na ito?

Gawain 3. Kalikasan Ko, Mahal Ko

Panuto: Magtukoy ng limang (5) isyung pangkalikasan na nararanasan natin sa mundo. Matapos nito, magtala ng mga epekto nito sa tao at mga hakbang kung paano ito mabibigyan ng solusyon. Tignan ang pamantayan sa pagbibigay ng iskor bilang gabay sa iyong gagawin. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

Isyung Panlipunan	Epekto sa Tao	Maaaring Solusyon

Pamantayan ng pagbibigay ng iskor

Pamantayan	Napakahusay (3 puntos)	Mahusay (2 puntos)	Nangangailangan ng pag-unlad (1 puntos)
Pagtukoy ng mga isyung pangkalikasan	Nakapagtala ng limang (5) isyung kalikasan na nararanasan sa mundo.	Nakapagtala ng 4 na isyung kalikasan na nararanasan sa mundo.	Nakapagtala ng 1 o 2 isyung kalikasan na nararanasan sa mundo.
Paglalahad ng mga epekto ng mga isyung pangkalikasan	Makatotohanan ang mga epektong nilahad at may sapat na patunay.	Makatotohanan ang mga epektong nilahad ngunit wala gaanong	Hindi malinaw ang mga epekto nilahad.

		sapat na patunay.	
Pagbibigay ng mga hakbang/solusyon	Makatotohanan at makabuluhan ang mga mungkahing solusyon.	Makatotohanan at makabuluhan ang mga mungkahing solusyon ngunit nangangailangan ng paglilinaw.	Hindi makatotohanan at makabuluhan ang mga mungkahing solusyon.

Gawain 4: Panindigan mo!

Panuto: Suriin mo ang mga batas o patakaran na naipapatupad tungkol sa pangangalaga ng kalikasan. Ito ba ay naipapatupad nang lubos? Kung hindi, magbigay ng dalawang patakaran/batas na alam mo at magbigay ng dahilan kung bakit hindi ito naipapatupad. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

Patakaran/batas

Dahilan bakit hindi naipapatupad nang lubusan

1.

Patakaran/batas

Dahilan bakit hindi naipapatupad nang lubusan

2.



Isaisip

Gawain 4. Buuin Mo, Aral na Natutuhan Mo

Panuto: Batay sa iyong natutuhan, kumpletuhin ang pahayag para mabuo ang aral na nais mong ibahagi sa kapwa mo tao. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

1. Ang tunay na pangangalaga sa kalikasan ay nangangahulugan na

2. Ang tungkulin ko bilang tao sa pangangalaga sa kalikasan ay ang mga sumusunod:




Isagawa


Gawain 5. Ano ang nasa balita?

Panuto: Maghanap isang artikulo o balita mula sa mga babasahin o sa *internet* hinggil sa mga isyung/problemang pangkalikasan. Gupitin at idikit ito sa isang “*bond paper*” kung mula sa *printed* na babasahin. Kung mula sa *internet*, maaaring magbigay ng buod at itala ang sanggunian nito. Matapos nito, suriin ang napiling artikulo at bumuo ng iyong sariling paninindigan ukol sa isyu. Ilahad ang iyong kasagutan gamit ang pormat na nasa ibaba.

Mahahalagang detalye ukol sa isyu mula sa artikulo:



Posisyon ukol sa isyu at katwiran para rito:



Mungkahing solusyon/hakbang:

Rubrik sa pagsulat ng isang posisyon sa isyu:

Batayan	Napaka- husay (5)	Mahusay (4)	Katam- taman (3)	Kailangan pang Magsanay (2)
May kaisahan at malinaw ang mga kaisipang nailahad ukol sa isyung pangkalikasan				
May malinaw na posisyon at sapat na katwiran				
May tiyak at makatotohanang hakbangin				

Idagdag ang ginawang proyekto sa *portfolio*.



Tayahin

Panuto: Sa bilang na 1-5, basahin at suriing mabuti ang mga sumusunod na pahayag. Piliin at isulat ang titik ng inyong sagot sa inyong papel.

1. Alin sa sumusunod ang iyong gagawin kung bibigyan ka ng pagkakataon na gumawa ng isang bagay na makakaya mo para sa kalikasan?
 - a. Magdasal para sa pagtaas ng ekonomiya ng bayan.
 - b. Gagawa ng mga programang ipapatupad ng barangay upang makatulong ng malaki.
 - c. Lilinisin ng mag-isa ang isang ilog na marumi at sasali sa mga proyektong lilikom ng pondo para sa ilog.
 - d. Maging mapanuri at magkukusa sa mga gawaing kailangan ako.
2. Ang mga sumusunod ay maling pagtrato sa kalikasan, *maliban* sa isa.
 - a. Paghiwa-hiwalay ng basura bilang nabubulok at di nabubulok.
 - b. Pagtatapon ng basura sa mga anyong tubig.
 - c. Hindi maayos na pagtatapon ng basura.
 - d. Pagsusunog sa mga basura.

3. Ang pagiging tagapangalaga ng kalikasan. Ano ang kahulugan nito?
 - a. Paggamit sa kalikasan na hindi isinasaalang-alang ang iba
 - b. Paggamit sa kalikasan ng walang pakundangan
 - c. Paggamit sa kalikasan ng may pananagutan
 - d. Paggamit sa kalikasan na naaayon sa sariling kagustuhan

4. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng paggamit sa kalikasan bilang isang kasangkapan?
 - a. Paggamit ng lupain na may pagsasaalang-alang sa tunay na layunin nito
 - b. Pagkamalikhain at responsibilidad sa gagawing pagbabago sa kapaligiran
 - c. Pagpuputol ng puno at pagtanim muli sa mga bagong binhi
 - d. Malawakang paggamit ng mga kemikal upang makakuha ng maraming ani.

5. Paano mo isasagawa ang programang nagsusulong ng pangangalaga ng kalikasan?
 - a. Ipatatupad ang batas sa pamamagitan ng dagdag multa sa bawat paglabag
 - b. Hayaan na lamang ang mga awtoridad na magsagawa ng proketong pangkalikasan dahil sila ang may pondo.
 - c. Gawin ang makakaya na alagaan ang kalikasan kahit sa munting paraan
 - d. Makikipag-ugnayan at gagawa ng isang komprehensibong pag-aaral upang makapagsagawa ng isang gawaing pangkalikasan.

Panuto: Basahin at suriing mabuti ang mga pahayag sa ibaba. Isulat ang **Tama** kapag totoo ang diwa ng pangungusap, isulat naman ang **Mali** kapag ang diwa nito ay hindi totoo. Isulat ang sagot sa inyong papel.

1. Ang kalikasan ay nararapat na gamitin bilang isang kasangkapan.
2. Ang halaga at tunguhin ng bawat pagpapaunlad sa kapaligiran ay hindi nararapat na bigyang-pansin at timbangin nang maayos.
3. Ang lahat ng likas na yaman sa mundo ay kailangang ibahagi sa bawat tao na may pagkakapantay-pantay.
4. Ang mabuhay nang simple ay isang hakbang upang makatulong sa pagpapanatili sa kagandahan at kasaganaan ng mundo.
5. Sa lahat ng pagkakataon, itapon ang basura sa tamang lugar.
6. Ang tungkulin na pangalagaan ang kalikasan ay nakaugat sa katotohanang lahat tayo ay mamamayan ng iisang mundo.
7. Inutusan ng Diyos ang tao na alagaan ang kalikasan at maging tagapagdomina nito para sa susunod na henerasyon.

8. Ang tunay na pangangalaga sa kalikasan ay pagpapakita ng paggalang sa kabutihang panlahat.
9. Ang Sampung Utos para sa Kalikasan ay listahan ng mga dapat at hindi dapat gawin sa pangangalaga sa kalikasan.
10. Ang responsibilidad na pang-ekolohikal ay gawaing para sa lahat.
- 11.



Karagdagang Gawain

Panuto: Para makabuo ka ng isang mapanindigang posisyon tungkol sa pangangalaga sa kalikasan, gumawa ka ng isang Komitment Sa Kalikasan. Gawing gabay ang pormat sa ibaba.

Isang Komitment sa Kalikasan

Ako ay si _____, _____
 taong gulang, isang mag-aaral ng
 _____, ay nangangakong gagawin
 ang mga susunod bilang tanda ng aking pangangalaga sa
 kalikasan:

Una, _____

Pangalawa, _____
 _____ at

Ikatlo, _____

(Buong pangalan at lagda)

Saksi (buong pangalan at lagda)



Susi sa Pagwawasto

Subukin
1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Mali
5. Tama
6. Mali
7. Mali
8. Tama
9. Tama
10. Tama
11. d
12. a
13. c
14. d
15. c

Tayahin
1. d
2. a
3. c
4. d
5. c
1. Mali
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Tama
6. Tama
7. Mali
8. Tama
9. Mali
10. Tama

Sanggunian

Aklat:

Department of Education. *Physical Education & Health 9*. (2014) Pasig City:
Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat. First Edition.

Departamento ng Edukasyon. (2012) *Edukasyon sa Pagpapakatao 10*. Pasig City:
Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat. First Edition.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph